

23. Ingatan Mo nawa ang kalusugan ng mga kababaihang South Sudanese, Panginoon. Loobin Mo na maipagkaloob ang mga pangangailangang medikal ng kanilang pamilya sa panahon ng krisis. Sana ay magkaroon sila ng mas maayos na pamamaraan upang mapangalagaan ang kanilang kalusugan. (Ps. 103:2-3)

24. Ama naming nasa langit, ipakita Mo nawa sa mga dalagang ina sa mga bansang Arabo kung gaano Mo sila kamahal at handa Kang sila ay tanggapin. Masumpungan nawa nila ang kanilang halaga at lakas mula sa Iyo. (Matt. 10:31)

25. Ama, ingatan Mo ang mga tagapanguna ng simbahan sa Gitnang Silangan na pinahihirapan ng mga kinauukulan. Tulungan Mo sila na maramdaman ang Iyong presensiya araw-araw at nawa ang mga pagdinig sa korte ay umayon para sa kanila. (John 15:18)

26. Panginoon, aliwin Mo ang mga kababaihang Palestinian na nawalan ng anak dahil sa digmaan. Magpakahayag Ka sa kanila bilang Tagapagligtas upang kanilang maranasan ang Iyong kapayapaan. (John 16:33)

27. Ang mga kababaihang Libyan ay kabilang sa mga bansang Arab na mahirap maabot ng ebanghelyo. Ama naming nasa langit, bigyan Mo ng pagkakataon ang mga kababaihang ito na marinig ang Iyong pagasa. (Col. 4:3)

28. Marami sa mga kababaihang taga Gitnang Silangan ay itinakwil ng kanilang pamilya dahil sa kanilang pagtanggap kay Kristo. Panginoon, puspusin Mo ang kanilang mga puso ng Iyong pag-ibig at habag. (1 John 3:1)

29. Pinupuri ka namin, Panginoon, dahil maraming Morrocan ang kumikilala sa Iyo bilang kanilang Diyos. Gabayan mo nawa ang aming mga kamangagawa upang makapagtalaga ng tagapanguna na makakapagministeryo sa mga kababaihang ito at makakapagbigay ng pakikisamang Kristiyano. (Luke 10:2)

30. O Diyos, bigyan Mo ng karunungan at pagkamalikhain ang aming grupo sa Arabic na siyang namamahala sa pagtanggap ng napakaraming kahilingan sa pagkain at tulong pinansiyal. (Matt. 7:11)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2022. 09.**

### **Panalangin para sa mga Kababaihan sa Gitnang Asia, Gitnang Silangan at Hilagang Africa**

Ang Islam ay nangangahulugang 'pagpapailalim' sa Arabica at nangangailangan ng lubos na pagpapailalim kay Allah. Nangangahulugan din ito ng "kapayapaan," at sinasabi na ang tunay na kapayapaan ay maaari lamang makamtan sa pamamagitan ng pagsunod kay Allah. Ipanalangin natin na ang mga Kristiano ay makapagbahagi ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng kanilang buhay, upang ang mga Muslim ay makaalam na si Jesus lamang ang ating Tagapagligtas.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

## Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Makapangyarihang Diyos, pagkalooban mo nawa ng katiyagan at pusong magpagmahal ang aming mga kamanggagawa sa Saudi Arabia sa kanilang patuloy na pagdadala ng mensaheng puno ng pag-asa sa mga tao. (2 Thess. 3:13)
2. Sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin sa mga bansa sa Gitnang Silangan tulad ng upa sa bahay at pagkain, nahihirapan ang mga solong ina na maibigay ang pangangailangan ng kanilang mga anak. Panginoon, ipagkaloob Mo po ang kanilang mga pangangailangan. (Phil. 4:19)
3. Panginoon, alam namin na nalulungkot Ka kapag ang mga bata at kababaihang Lebanese ay naaabuso ng mga kalalakihan. Tumataas ang kaso sa ngayon dahil sa epekto ng kahirapan. Ingatan Mo nawa sila. (Ps. 9:9)
4. Ama, bigyan Mo ng kapayapaan at karunungan ang mga Kristiyanong kababaihan sa Saudi Arabia na napipigilang maipamuhay ang kanilang pananampalataya. (Ps. 118:6)
5. Panginoon, palakasin Mo at ipakita ang pag-asa sa mga pamilyang naideport mula sa Gitnang Silangan habang sila ngayon ay nakikipamuhay sa ibang bansa. (Deut. 10:19)
6. Ama, abutin Mo nawa ang mga kababaihang Syrian na namumuhay sa mga refugee camp sa nakaraang 11 taon; gamitin Mo ang Women of Hope upang matulungan sila na makasumpong ng pag-asa sa Iyo. (Rom. 15:13)
7. O Diyos, ipagkaloob Mo ang mga pangangailangan ng mga biyuda sa Gitnang Silangan. Kakaunti lamang ang kanilang suweldo at hindi sila tinutulungan ng kanilang pamilya. Nawa ay sa Iyo sila makakuha ng lakas. (Isa. 41:10)
8. Ama, palakasin Mo ang mga may kritikal na karamdaman sa Gitnang Silangan sa pamamagitan ng Iyong lakas. Pagkalooban Mo sila ng kagalingang espirituwal at pisikal dahil hindi nila kaya ang 300% na pagtaas sa presyo ng gamot. (Jer. 17:14)

9. Sa Gitnang Silangan, limang libong kababaihan ang pinapatay bawat taon dahil sa kaugaliang "for honor" bagaman sila ay mga biktima lamang ng seksuwal na pang-aabuso. O Diyos, magdulot Ka nawa ng pagbabago sa kanilang mga puso at kultura upang mawakasan ang kalupitang ito. (1 Tim. 2:1-2)

10. Panginoon, patatagin Mo ang pagsasama ng mga Kristiyanong magasawa sa Saudi Arabia. Palakasin Mo ang mga kalalakihan upang maiwasan ang tukso at nawa, sila ay maging matatag, maging makadiyos na mga lider sa kanilang mga pamilya at simbahan. (1 Tim. 3:2-5)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

11. Panginoon, gawing Mong malikhain ang aming mga kamanggagawang Arabic sa kanilang paggamit ng iba pang media upang maabot ang mga naliligaw at nangungulilang mga kababaihan. (Mark 16:15)

12. Makapangyarihang Diyos, ipagkaloob Mo ang mga pangangailangan ng mga kababaihang Tunisian na walang trabaho at nasa kahirapan. Bigyan Mo ng karunungan ang mga opisyal upang matugunan ang mga problema at makahanap ng nararapat na solusyon. (Ps. 68:10)

13. Oh Diyos, pangunahan Mo ang mga bilanggong kababaihan sa Gitnang Silangan upang kanilang masumpungan ang kalayaang nagmumula kay Kristo. O Diyos, tulungan Mo sila na makita ang kanilang tunay na halaga sa Iyo. (John 8:32)

14. Ama, nawa ay magkaroon ng malalim na relasyon sa Iyo ang mga kababaihang taga Gitnang Silangan. Magkaroon nawa ng bunga ang paglilingkod na ginagawa ng aming mga kamanggagawa doon at palakasin Mo sila ng Iyong karunungan at habag. (Gal. 6:9)

15. Panginoon, ingatan Mo ang mga bagong tatag na simbahan na nagmiministeryo sa mga nadeport na pamilya sa mga bansa sa Gitnang Silangan. Tulungan Mo sila na epektibong maibahagi ang ebanghelyo. (Luke 9:6)

16. O Diyos, dalangin namin ang mga kababaihang Yemen na dumadanas ng karahasan dahil sa mga kultura at paniniwala. Gabayan mo nawa ang mga dumadalo sa mga patagong pananambahan upang kanilang maibahagi sa iba ang tungkol sa kalayaang na kay Kristo. (2 Cor. 3:17)

17. Ama naming nasa langit, nawa ay may tumayo sa Iraq upang maipaglaban ang pantay na pakikitungo sa bawat kasarian. Magdala Ka ng pagbabago na maghahatid ng patas na trabaho at nawa ay mabawasan ang karahasan laban sa mga kababaihan. (Prov. 31:8-9)

18. Pinasasalamat ka namin, O Diyos, dahil matapos ang maraming hadlang, naibalik na rin ang mga platforma sa social media ng TWR Women of Hope sa Saudi Arabia. Patuloy Mo nawa silang ingatan. (2 Thess. 3:3)

19. Salamat po, Ama, sa mga kababaihang Algerian at Moroccan na nakikinig kung gaano sila kahalaga sa Iyo. Palaguin Mo pa ang kanilang interes at baguhin Mo ang kanilang mga buhay. (Ps. 63:1)

20. Ama, tulungan Mo nawa ang mga manggagawa ng TWR Women of Hope sa Gitnang Silangan upang sila ay maging epektibong mga tagapamagitan na maghahayag sa iba ng tunay na kahulugan ng pag-ibig ni Kristo. (Rom. 5:8)

21. Makapangyarihang Diyos, palayain Mo ang lahat ng mga Refugees sa Gitnang Silangan na dumadanas ng mapang-abusong relasyon. Bigyan mo sila ng pag-asa at kalayaan na nanggagaling sa Iyo. (Ps. 118:5)

22. Panginoon, mangusap Ka sa mga namumuno sa Syria at Jordan upang patigilin ang negosyong prostitusyon. Tulungan Mo ang mga dalagang bilango na maunawaan ang kanilang tunay na halaga sa Iyo. (Eph. 3:17-19)